173-6

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Trunkline : 632-1361
Fax: 633-7231
DETxt: 0919-4560027
Website: http://www.deped.gov.ph

AUG 19 2004

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 358 , s. 2004

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Departamento ng Filipino ng Kolehiyo ng Miriam at sa pakikipagtulungan ng Sentro ng Wikang Filipino ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino na gaganapin sa Setyembre 29-Oktubre 1, 2004 sa Bulwagang Recto, Faculty Center, UP Diliman, Quezon City. Ang tema ng seminar ay "Teorya at Praktika sa Pagpapaunlad ng Wika at Panitikang Filipino".

2. Ang mga layuning ng seminar-worksyap ay:

a. magkaroon ng karagdagang kaalaman ang mga puno ng paaralan, superbisor, tagapangulo ng Departamento ng Filipino at mga guro sa antas elementarya, sekondarya at tersyarya na maitampok ang Wikang Filipino na mas mauunawaan ng mga mag-aaral at mas magiging makabuluhang instrumento sa pagtuturo;

b. maisagawa ng mga guro na mapabago ang pananaw ng mga mag-aaral sa wikang Filipino bilang isang wikang dinamiko na umaayon sa gamit ng lipunan; at

c. pag-ibayuhin ang kaalaman ng mga guro sa teoretikal na aspekto at sa paggamit ng iba't ibang lapit, pagdulog at pamamaraan sa pagtuturo ng Wika at Panitikang Filipino.

3. Ang bayad sa rehistrasyon ay Dalawang Libo at Walong Daang Piso (PhP2,800) na ibabayad ng bawat kinatawan na gugugulin para sa kit at anim (6) na meryenda at tatlong (3) tanghalian. Samantala, ang bayarin sa pananatili sa dormitoryo ay Tatlong Daang Piso (PhP300.00) bawat araw.

4. Ang mga dadalo sa seminar na ito ay mga puno/dekano ng kolehiyo at unibersidad, superintendente, superbisor, punong guro ng mga paaralan, tagapangulo ng Departamento ng Filipino, mga propesor at guro sa antas elementarya, sekondarya at tersyarya at iba pang mga administrador at guro sa ibang larangan o disiplina na may interes na matuto at maging bihasa sa wikang Filipino.

5. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kina Dr. Teresita P. Semorlan sa cellphone blg. 0920-8010338, fax blg. 435-92-32; Dr. Lilia F. Antonio, cellphone blg. 0918-4047060, fax blg. 924-4747 at Dr. Lilia Q. Santiago sa cellphone blg. 0919-6277098, fax blg. 929-0113.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RAMON C. BACANI
Undersecretary
Officer-in-Charge

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 314, s. 2003

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
WORKSHOPS

Madel:c:pambansang seminar sa Filipino-miriam
8-02-04